

Unang Markahan Baitang 1 Supplemental Lesson Plan

Paksa: Kilalanin ang Sarili

Layunin:

Nasasabi ang batayang impormasyon tungkol sa sarili: pangalan, magulang, kaarawan, edad, tirahan, paaralan, iba pang pagkakakilanlan, at mga katangian bilang Pilipino

Takdang Araw: 3–4

A. Panimula

1. Ipadikit ang personal na larawan ng mga mag-aaral sa gitna ng isang *bond paper*. Sa ibaba ng larawan ay ipasulat ang sumusunod:
 - pangalan
 - kaarawan
 - edad
 - tirahan
 - pangalan ng magulang
 - pisikal na katangian (halimbawa: kulay ng buhok at balat, taas, tangos ng ilong, atbp.)
 - mga natatanging katangian (halimbawa: masipag, masunurin, atbp.)
2. Pangkatin ang mga mag-aaral sa limang pangkat. Hayaang magkuwento ang mga mag-aaral ukol sa kanilang larawan.
3. Gabayan ang mga mag-aaral bilang paghahanda sa gagawing paghahambing ng mga larawan.

B. Paglinang

1. Gamit ang *Venn diagram*, gabayan ang mga mag-aaral sa pagkalap ng batayang impormasyon tungkol sa sarili at kung paano ang bawat impormasyon ay magiging magkaiba at magkatulad. (halimbawa: ang mga mag-aaral ay maaaring magkakatulad ng pisikal na katangian ngunit magkakaiba sa tirahan at petsa ng kaarawan)

Pangunahing Pang-unawa:

- Mahalagang makilala natin ang ating sarili at ang ating katangian bilang Pilipino.

Pangunahing Tanong:

- Bakit kailangang makilala mo ang iyong sarili at mga katangian bilang isang Pilipino?

Ika-21 Siglong Kasanayan:

- Naipararating nang epektibo ang mga kaisipan at ideya sa iba't ibang uri ng konteksto at paraang berbal at hindi berbal

Mga Kagamitan:

- Personal na larawan ng mga mag-aaral, *bond paper*

2. Bigyang pansin ang mga pagbabagong magkakatulad at magkakaiba.
3. Tumawag ng dalawang mag-aaral sa harap at hayaang gumawa sila ng sariling halimbawa.
4. Hayaang bumalik ang mga mag-aaral sa kanilang pangkat upang makabuo ng sari-sariling *Venn diagram*.
5. Ipaprisinta ang gawa ng mga mag-aaral sa harap ng klase. Gabayan ang mga mag-aaral upang makagawa ng isang talaan ukol sa pagkakaiba at pagkakatulad ng mga batayang impormasyon ng kanilang klase.
6. Gamitin ang talaan sa ibaba sa paggawa ng pagbubuod.

Petsa ng Kaarawan	Bilang ng mga mag-aaral na nagdiriwang ng kaarawan sa mga nabanggit na buwan		
	Enero – Abril	Mayo – Agosto	Setyembre – Disyembre
Edad ng mga Mag-aaral	Bilang ng mga mag-aaral na magkapareho ang edad		
	5 taon	6 taon	7 taon pataas
Katangiang Pisikal	Maputi	Kayumanggi	Matangos ang ilong
Iba pang Katangian	Masipag	Masunurin	Masikap

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

(Paalala: Ang pagpiprisinta at pagbubuod ng mga gawain ay maaaring gawin sa ikalawang araw. Ang talaan ay maaari pang ayusin o pagandahin.)

7. Pag-usapan ang naging karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang ginawa. Itanong ang sumusunod:
 - Ano ang inyong nararamdaman habang kayo ay nagsusulat ng mga impormasyon tungkol sa inyong sarili?
 - Ano ang inyong nararamdaman habang ibinabahagi ninyo ang mga impormasyong ito sa inyong mga kamag-aral?
 - Bakit kailangan makilala mo ang iyong sarili pati na ang iba mo pang katangian?

C. Pagpapatibay

1. Paglalapat
Itanong ang sumusunod:
 - a. May kilala ba kayong Pilipino na naging kilala dahil sa kanyang mga katangian? Ibahagi sa klase.
 - b. Bilang isang mag-aaral, mahalaga ba sa iyo ang pagkakaroon ng magagandang katangian? Bakit?
2. Pagtataya
 - a. Ipalaro sa mga mag-aaral ang "Sino Ito?"
Direksiyon:
 - Magsabi ng mga batayang impormasyon na nakalap sa klase.
 - Hayaang hulaan ng mga mag-aaral kung sino ang kaklaseng nabanggit.
 - Magpakita ng tatlong larawan ng mga mag-aaral na mga posibleng sagot.
 - b. Tatapusin ng mga mag-aaral ang pangungusap na ito.
 - Mahalaga pala na _____
ko ang aking sarili upang
_____.

Paksa: Mga Pangangailangan Ko

Layunin:

Nailalarawan ang pansariling pangangailangan: pagkain, kasuotan, at iba pa; at mithiin para sa Pilipinas

Takdang Araw: 2–3

A. Panimula

1. Ipakita ang mga larawan o *video* ng mga taong nasalanta ng bagyong Yolanda at hingin ang reaksiyon ng mga mag-aaral ukol dito.
2. Bigyang pansin ang mga taong nagnanakaw upang makakain, mga taong walang masilungan, at mga batang basang-basa sa ulan.
3. Buhat sa mga larawan, ipatukoy ang mga pangunahing pangangailangan ng bawat isa.

B. Paglinang

1. Magpakita ng mga larawan ng iba't ibang pangangailangan ng tao.
2. Hayaang pumili ang mga mag-aaral mula sa larawan at iayos ayon sa kanilang prayoridad.
3. Ipatukoy ang kadahilanan sa pagkaayos ng mga bagay at kung bakit nila kailangan ang bagay na nabanggit gamit ang *concept webbing*.
4. Talakayin ang kahulugan ng salitang "mithiin." Ipaliwanag sa mga mag-aaral kung bakit maituturing itong isang pangangailangan.
5. Balikan ang mga larawan ng mga biktima ng bagyong Yolanda. Ipatukoy sa mga mag-aaral ang sa palagay nila'y pangangailangan ng mga ito.
6. Ipaliwanag sa mga mag-aaral na bukod sa pangunahing pangangailangan ng mga ito, mayroon pa rin silang gustong makuha na maaaring hindi nahahawakan ngunit makatutulong upang ang bawat isa ay mabuhay nang maayos at matiwasay.
7. Magkaroon ng *brainstorming* sa mga posibleng mithiin ng mga nasalanta ng bagyong Yolanda para sa sariling komunidad at sa ating bansa sa kabuuan.

Pangunahing Pang-unawa:

- May mga kailangan at mitihiin tayo sa buhay.

Pangunahing Tanong:

- Bakit kailangan nating matugunan ang ating mga pansariling pangangailangan?

Ika-21 Siglong Kasanayan:

- Epektibong napauunlad, naipatutupad, at naibabahagi ang mga bagong ideya sa iba

Mga Kagamitan:

- Mga larawan o *video*, bagay o sulatan na maaaring gawing *freedom board*

8. Pangkatin ang mga mag-aaral sa lima. Gumamit ng *"freedom board"* at doon ipatala sa mga mag-aaral ang kanilang mithiin para sa sarili, sa kanilang komunidad, at sa bansa.
9. Gamitin ang pangungusap sa ibaba bilang panimula sa isusulat sa *"freedom board."*
10. "Sana ako ay _____ at maging _____ ang ating bansa."
11. Magtakda ng lider sa bawat grupo na magsasalarawan ng kanilang mga mithiin.

C. Pagpapatibay

1. Paglalapat
 - a. Iparinig ang awiting "Sana'y Pag-ibig na Lang."
 - b. Hayaang gumawa ang mga mag-aaral ng sariling mensahe na naglalaman ng kanilang mga pangangailangan at mithiin.
Halimbawa:
Sana'y wala nang away
Sana'y walang masaktan
Sana'y pagtulong na lang ang umiral sa ating kapaligiran
Lahat ng ating kailangan tiyak na matugunan kung lahat ay nagmamahalan
2. Pagtataya
Tatapusin ng mga mag-aaral ang mga pangungusap.
 - a. Ang _____ ay mahalaga dahil _____.
 - b. Ang pangangailangan natin ng tirahan at kasuotan ay dapat matugunan upang _____.
 - c. Mahalagang laging isaisip ang ating mga mithiin upang _____.
3. Kasunduan
Sasagutin ng mga mag-aaral ang tanong na ito: Ano-ano ang mithiin ng inyong pamilya? Isasalarawan nila ito sa pamamagitan ng pagguhit.

Paksa: Mga Paborito Ko

Layunin:

Natatalakay ang mga pansariling kagustuhan tulad ng paboritong gawain, pagkain, kulay, damit, laruan, at lugar sa Pilipinas na gustong makita sa malikhaing pamamaraan

Takdang Araw: 3 araw

A. Panimula

1. Ipaawit ang kanta sa ibaba sa tonong "Sampung mga Daliri."

Ako'y may paborito, iba't iba ito

May pagkain, may laruan at kulay na gusto

May lugar din akong paborito, sa Pilipinas ito

Halika 'yo (2x) samahan n'yo ako.

2. Talakayin ang nilalaman ng awit.

B. Paglinang

1. Pangkatin ang mga mag-aaral sa lima.
2. Hayaang isulat ng mga mag-aaral ang kanilang paborito ayon sa paksang nakatakda sa kanila. Hikayatin ang mga mag-aaral na ipakita ang kanilang kasagutan sa malikhaing pamamaraan.

Pangkat 1 – Mga Paboritong Laruan

Pangkat 2 – Mga Paboritong Pagkain

Pangkat 3 – Mga Paboritong Gawain

Pangkat 4 – Mga Paboritong Kulay

Pangkat 5 – Mga Paboritong Lugar sa Pilipinas

(Halimbawa: para sa paboritong laruan... maaaring ipakita sa pagsasagawa ng kilos)

3. Muling ipaawit ang kanta sa panimula.
4. Iprisinta ang gawa ng bawat grupo.
5. Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga katanungan:

Pangunahing Pang-unawa:

- Bawat tao ay may pansariling kagustuhang nakapagbibigay saya sa kanyang sarili.

Pangunahing Tanong:

- Bakit mahalagang malaman ang ating mga paborito?

Ika-21 Siglong Kasanayan:

- Nakikiisa at nabibigyang kasagutan ang mga gawain

Mga Kagamitan:

- Mga kagamitan sa pagpapangkat
- Larawan ng iba't ibang lugar sa Pilipinas

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

- Ano-ano ang inyong napansin sa sagot ng bawat pangkat?
 - Bakit kaya (banggitin ang karamihan sa paborito ng mga mag-aaral) ang karamihan sa inyong paborito?
 - Ano-ano ang kagandahan o kabutihang dulot ng ating mga paborito?
 - Bakit mahalagang malaman ang ating mga paborito?
6. Bigyang pansin ang mga paboritong lugar sa Pilipinas. Magpakita ng mga larawan ng lugar sa Pilipinas. Ipatukoy ito sa mga mag-aaral.
 7. Ilahad ang katanungang ito: Ano ang paborito mong lugar sa Pilipinas? Paano mo kaya ito mapupuntahan?
 8. Ipakikita ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa malikhaing pamamaraan.

Halimbawa: Pagguhit ng eroplano patungo sa paboritong lugar

C. Pagpapatibay

1. Paglalapat
Ipasagot ang Pagsasanay A sa Linangin.
2. Pagtataya
 - a. Ipasagot ang Pagsasanay B sa Linangin.
 - b. Tatapusin ng mga mag-aaral ang pangungusap na ito.
Nakadama ako ng _____
sa aking mga paborito dahil _____.
3. Kasunduan
Iguhit ng mga mag-aaral ang isa sa kanilang mga paborito. Susulat sila ng dalawang pangungusap ukol dito.

Paksa: Kilalanin ang Sarili

Layunin:

Nasasabi ang sariling pagkakakilanlan sa iba't ibang pamamaraan

A. Panimula

1. Magpalaro ng pahulaan ukol sa mga sikat at kilalang tao sa bansa sa pamamagitan ng "4 Pics 1 Word" (Halimbawa: Pacquiao, Rizal, Pedro Calungsod, Lea Salonga)
2. Ipatukoy sa mga mag-aaral kung sino ang tinutukoy ng mga larawan.
3. Hikayatin ang mga mag-aaral na magpahayag kung bakit naging sikat o tanyag ang mga ito.

B. Paglinang

1. Papiliin ang mga mag-aaral ng piraso ng papel na may iba't ibang hugis.
2. Pagkatapos makapili ay ipasulat ang kanilang mga pangalan.
3. Atasan ang bawat isa na ipakilala ang kanilang sarili sa iba't ibang paraan, puwedeng sa pamamagitan ng awit, tula, sayaw, o *charades*.

C. Pagpapatibay

1. Paglalapat

Ipaguhit o ipabakat sa mga mag-aaral ang kanilang kaliwang kamay. Pagkatapos iguhit ang kaliwang kamay, ipasulat sa may palad ang kanilang pangalan at sa bawat daliri isulat ang sumusunod:

hinlalaki – gustong ginagawa

hintuturo – pangarap sa buhay

hinlalato – natatanging talento

palasingsingan – ayaw gawin

hinliliit – magandang katangian

Pangunahing Pang-unawa:

- Mahalagang makilala natin ang ating sarili.

Pangunahing Tanong:

- Bakit kailangang makilala mo ang iyong sarili?

Ika-21 Siglong Kasanayan:

- Naipararating nang epektibo ang mga kaisipan at ideya sa iba't ibang uri ng konteksto at paraang berbal at hindi berbal

Mga Kagamitan

- Mga larawan
- Piraso ng papel at lapis

2. Pagtataya

Magpaguhit sa mga mag-aaral ng isang bagay na sumisimbolo sa kanilang pangalan.

3. Kasunduan

Ipakukuwento ng mga mag-aaral sa kanilang magulang kung paano nabuo ang kanilang mga pangalan at iba pang bagay na kanilang ginagawa noong sila ay hindi pa nag-aaral.

Paksa: Ang Aking Kwento

Layunin:


Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa buhay simula isilang hanggang sa kasalukuyang edad gamit ang mga larawan

A. Panimula

1. Ituro ang isang awiting bayan na "Paruparong Bukid."
2. Ipabaybay ang B-U-T-T-E-R-F-L-Y sa pamamagitan ng tono ng awiting "Paruparong Bukid."
3. Pagkatapos ay pag-aralan ang siklo ng buhay ng isang paruparo.
4. Tumawag ng limang mag-aaral upang ayusin ang pagkakasunod-sunod ng buhay ng paruparo.
5. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang pagkakatulad ng ating buhay sa siklo ng buhay ng paruparo.

B. Paglinang

1. Hahatiin sa dalawang pangkat ang mga mag-aaral.
2. Ipahanap sa apat na sulok ng silid-aralan ang mga larawan ng mahahalagang pangyayari sa buhay ng isang tao. Hayaang mag-unahan ang mga mag-aaral na maisaayos sa *continuum/timeline* ang mga larawan.



Pangunahing Pang-unawa:

- Bawat tao ay nakararanas ng mga pagbabago sa buhay.

Pangunahing Tanong:

- Paano tayo makaaagapay sa mga pagbabago sa ating buhay?

Ika-21 Siglong Kasanayan:

- Naitatakda, nabibigyang-prayoridad, at natatapos ang mga gawain nang hindi kailangang bantayan ng iba

Mga Kagamitan:

- Larawan ng mga pangyayari sa buhay ng bata, papel at lapis, mga pangkulang, luwad, karton

3. Pagmasdan ang mga larawan ng mga mahahalagang pangyayari sa buhay ng isang tao katulad ng pagkapanganak, noong matutong maglakad, at nang sila ay mag-aaral na.
4. Hatiin ang mga mag-aaral sa apat na grupo at ipabahagi ang kanilang mga natatandaan noong sila ay hindi pa nag-aaral hanggang sa kasalukuyan.
5. Gagawa ang bawat pangkat ng *flow chart* sa $\frac{1}{4}$ *manila paper* ayon sa kanilang napag-usapan. Bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral hanggang sa matapos ang gawain.

C. Pagpapatibay

1. Paglalapat

Bubuo ang mga mag-aaral ng imahe mula noong sanggol hanggang sa kasalukuyang edad gamit ang luwad at ididikit sa isang karton ayon sa pagkakasunod-sunod nito.

2. Pagtataya

Gagawa ang mga mag-aaral ng *mini book* at iguguhit ang mga mahahalagang pangyayari sa kanilang buhay (*book of life*).